

## **§1746.2 Protokol para sa mga Parmaseutiko na Nagbibigay ng mga Produktong Pamalit ng Nikotina**

(a) Ang parmaseutiko na nagbibigay ng mga produktong pamalit ng Nikotina alinsunod sa Seksyon 4052.9 ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon ay dapat sumunod sa protokol na tinukoy sa pangkat (b) ng seksyong ito.

(b) Protokol para sa mga Parmaseutiko na Nagbibigay ng mga Produktong Pamalit ng Nikotina

(1) Karapatan: ang seksyon 4052.9(a) ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon ng Kalipornya

ay nagbibigay ng karapatan sa isang parmaseutiko upang magbigay ng mga produktong pamalit ng nikotina na aprobado ng pederal na Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot na ang paggamit ay sa pamamagitan ng pagrereseta lamang alinsunod sa protokol na aprobado ng Lupon ng Dispensaryo ng Estado ng Kalipornya at Lupong Medikal ng Kalipornya. Ang paggamit ng protokol sa seksyon na ito ay nagtutugon sa pangangailangang iyan.

(2) Layunin: Upang magbigay ng napapanahon na paglapit sa mga produktong pamalit ng nikotina at upang masiguro na makukuha ng pasyente ang sapat na impormasyong naaangkop para simulan ang terapewtika sa pagtigil ng paninigarilyo.

(3) Paliwanag sa mga Sakop na Produkto: Ang mga reseta ng mga produktong pamalit ng nikotina, na aprubado ng pederal na Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot at ibinibigay ng parmaseutiko para sa pagtigil ng paninigarilyo ay sakop ng protokol na ito. Ang mga parmaseutiko ay maaaring magpatuloy na direktang magbigay ng mga produkto na pampatigil ng paninigarilyo kahit hindi na ginagamit ang protokol na ito.

(4) Pamamaraan: Kung ang pasyente ay humihiling ng terapewtikang pamalit ng nikotina, o ibang gamot na pampatigil ng paninigarilyo, o kung isang parmaseutiko sa kanyang propesyonal na paghatol ay magpasyang simulan ang paggamot sa pagtigil ng paninigarilyo, at pagbibigay ng payo, dapat kumpletuhin ng parmaseutiko ang sumusunod na mga hakbang:

- (A) Suriin ang kasalukuyang paggamit ng pasyente ng tabako at mga nakaraang pagtangka ng pagtigil nito.
- (B) Tanungin ang pasyente sa mga sumusunod na panalang katanungan:
  - (i) Buntis ka ba o may plano ka bang mabuntis? (Kung oo, huwag magbigay at isangguni sa angkop na tagapagtustus sa pangangalaga ng kalusugan)
  - (ii) Sa loob ng nakalipas na dalawang lingo, naatake ka ba sa puso? (Kung oo, magbigay na may pag-iingat at isangguni sa angkop na tagapagtustus sa pangangalaga ng kalusugan)
  - (iii) May kasaysayan ka ba ng pagbilis ng tibok ng puso, palyado na pagtibok ng puso, o nasuri ka ba sa pagkakaroon ng malubhang paliban-liban na pagtibok ng puso? (Kung oo, magbigay na may pag-iingat at isangguni sa angkop na tagapagtustus sa pangangalaga ng kalusugan)
  - (iv) Sa kasalukuyan, meron ka bang nararamdamang madalas na

pananakit ng dibdib, o nasuri ka ba ng pagkakaroon ng hindi matatag na pananakit sa buong katawan? (Kung oo, magbigay na may pag-iingat at isangguni sa angkop na tagapagtustus sa pangangalaga ng kalusugan)

(v) May kasaysayan ka ba ng pagkakaroon ng hindi hiyang na pag-ubo (hal., mga alerhiya sa ilong)? (Kung oo, iwasan ang mga pambomba sa ilong)

(vi) Nasuri ka ba ng pagkakaroon ng hindi pag-andar ng lumilipas na sihang ng kasukasuan (TMJ)? (Kung oo, iwasan ang nikotina na babol gam)

Ang mga tanong na ito ay dapat gawing magagamit sa mga alternatibong lengguwahe para sa mga pasyenteng hindi nakakaintindi ng wikang Ingles.

(C) Kapag ang pamalit na produktong nikotina ay ibinigay:

(i) Dapat suriin ng parmaseutiko ang tagubilin sa paggamit, sa bawat pasyente na gumagamit ng produktong pampalit ng nikotina.

(ii) Dapat irekomenda ng parmaseutiko sa pasyente na humingi ng karagdagang tulong para sa pagbabago ng ugali, kabilang ngunit hindi limitado sa Helpline ng mga Naninigarilyo sa Kalipornya (1-800-NO-BUTTS), mga programang batay sa internet (e.g., <http://smokefree.gov>), mga app, at mga lokal na programa ng pagtigil sa paninigarilyo.

(D) Dapat sagutin ng parmaseutiko ang anumang tanong ng pasyente ukol sa terapewtika ng pagtigil ng paninigarilyo at/o mga produktong pamalit ng nikotina.

(5) Pagpili ng Produkto: Ang parmaseutiko, na may konsultasyon sa pasyente, ay maaring mamili ng kahit anumang produktong pamalit ng nikotina (nag-iisa o kombinasyon) mula sa listahan ng mga terapewtika na tinukoy sa protokol na ito sa Talaan na “Terapewtika ng mga Paggamot na Pamalit ng Nikotina para sa Pagtigil ng Paninigarilyo.” Ang listahang ito ay dapat panatilihing pangkasalukuyan at pinananatili sa dispensaryo o sa pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan, at dapat magagamit sa websayt ng Lupon ng Dispensaryo.

Ang katumbas na mga produktong panlahat ay maaaring ibigay.

(6) Paunawa: Ang parmaseutiko ay dapat magbigay-alam sa pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga ng pasyente hinggil sa kahit anong niresetang gamot at/o aparato na ibinigay sa pasyente, o ilagay ang karampatang impormasyon sa sistemang rekord ng pasyente na ibahagi sa pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga, sa pahintulot ng pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga na ito. Kung ang pasyente ay walang pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga, o kung hindi makapagbigay ng impormasyon para sa kanyang pangunahing tagapagtustos ng pangangalaga, ang parmaseutiko ay obligadong magbigay sa pasyente ng nakasulat na rekord ng niresetang gamot at/o aparato na ibinigay at magbigay ng payo sa pasyente na kumunsulta sa angkop na tagapagtustos ng kalusugan sa kanyang pagpili.

(7) Dokumentasyon: Ang bawat produktong pamalit ng nikotina na tinutustos para sa

pagtigil ng paninigarilyo at ibinibigay ng parmaseutiko alinsunod sa protokol na ito ay dapat na i-dokumento sa rekord ng gamot ng pasyente at ligtas na nakalagay sa pinanggalingang dispensaryo o pasilidad ng pangangalaga sa kalusugansa ng hindi bababa sa tatlong taon mula sa araw ng pagbibigay. Ang rekord ng paggagamot ng pasyente ay dapat panatilihin sa awtomatikong manwal na pagproseso ng datos o paraang manwal na rekord upang ang kinakailangang impormasyon sa ilalim ng pamagat 16, mga seksyong 1717 at 1707.1 ng Kodigo ng mga Tuntunin ng Kalipornya ay maaaring madaling makuha sa mga karaniwang oras na pampag-oopera ng dispensaryo o pasilidad.

(8) Pagsasanay: Bago makapagbigay ng mga reseta sa mga produktong pamalit ng nikotina, ang mga parmaseutiko na lumahok sa protokol na ito ay dapat nakapagtapos ng pinakamababang dalawang oras ng aprubadong programa ng patuloy na edukasyon sa terapewtiko ng pagtigil ng paninigarilyo at terapewtiko ng pamalit ng nikotina, o katumbas na batay sa kurikulum na programang pagsasanay na nakompleto sa loob ng nakalipas na dalawang taon sa isang pinaniniwalaang eskwelahan ng dispensaryo sa Kalipornya.

Bilang karagdagan, ang mga parmaseutiko na kalahok sa protokol na ito ay dapat kumpletohin ang patuloy na edukasyon na nakatutok sa terapewtiko ng pagtigil sa paninigarilyo mula sa aprubadong tagapagtustos minsan sa dalawang taon.

(9) Pagkapribado ng Pasyente: Ang lahat ng mga parmaseutiko na nagbibigay ng mga produktong pamalit ng nikotina sa dispensaryo o pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan ay dapat umandar sa ilalim ng mga patakaran at pamamaraan ng dispensaryo o pasilidad upang matiyak na mapanatili ang pagiging kompidensiyal at palihim ng pasyente.



# MGA GAMOT SA TERAPEWTIKANG PAMALIT NG NIKOTINA PARA SA PAGTIGIL NG PANINIGARILYO

MGA PAGBABALANGKAS NA TERAPEWTIKANG PAMALIT NG NIKOTINA (NRT) NA GINAGAMIT BILANG NAG-IISANG GAMOT NA PANLUNAS						
	GAM	GAMOT SA UBO	PATSE	ISPREY SA ILONG	LANGHAPAN	KOMBINASYONG NRT
<b>PRODUKTO</b>	Nicorette <sup>1</sup> , Panlahat OTC 2 mg, 4 mg orihinal, kanela, prutas, menta	Nicorette Gamot sa Ubo, <sup>1</sup> Nicorette Mini Gamot sa Ubo, <sup>1</sup> Panlahat OTC 2 mg, 4 mg seresa, menta	NicoDerm CQ <sup>1</sup> , Panlahat OTC (NicoDerm CQ, panlahat) Rx (panlahat) 7 mg, 14 mg, 21 mg (24-oras na pagpapakawala)	Nicotrol NS <sup>2</sup> Rx De-metrong Isprey 0.5 mg nikotina sa 50 mL timpladang nikotina na may tubig	Nicotrol Inhaler <sup>2</sup> Rx 10 mg kartutso naghahatid ng 4 mg nalalanghap na singaw ng nikotina	Mga Mabisang Kumbinasyon Patse na nikotina + gam na nikotina Patse na nikotina + nikotina na gamut sa ubo Patse na nikotina + nikotina na isprey sa ilong Patse na nikotina + nikotinang oral na langhapan
<b>MGA PAG-IINGAT</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kamakailan Lang (≤2 linggo) hindi paggala ng dugo</li> <li>Malubhang pagkakaroon ng palyadong ritmo ng puso</li> <li>Malubha o lumalalang pananakit sa dibdib</li> <li>Sakit ng kasukasan sa pagitan ng butong pilipisan at sihang</li> <li>Pagbubuntis<sup>3</sup> at pagpapasuso</li> <li>Kabataan (&lt;18 na taon)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kamakailan lang (≤2 linggo) hindi paggala ng dugo</li> <li>Malubhang pagkakaroon ng palyadong ritmo ng puso</li> <li>Malubha o lumalalang pananakit sa dibdib</li> <li>Pagbubuntis<sup>3</sup> at pagpapasuso</li> <li>Kabataan (&lt;18 na taon)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kamakailan lang (≤2 linggo) hindi paggala ng dugo</li> <li>Malubhang pagkakaroon ng palyadong ritmo ng puso</li> <li>Malubha o lumalalang pananakit sa dibdib</li> <li>Pagbubuntis<sup>3</sup> (Rx mga pagbabalangkas, kategorya D) at pagpapasuso</li> <li>Kabataan (&lt;18 na taon)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kamakailan lang (≤2 linggo) hindi paggala ng dugo</li> <li>Malubhang pagkakaroon ng palyadong ritmo ng puso</li> <li>Malubha o lumalalang pananakit sa dibdib</li> <li>May pabalik-balik na sakit sa ilong (pamamaga, polip, pamamaga ng sinus)</li> <li>Malubhang sakit sa reaktibong daluyan ng hangin</li> <li>Pagbubuntis<sup>3</sup> (kategorya D) at pagpapasuso</li> <li>Kabataan (&lt;18 na taon)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kamakailan Lang (≤2 linggo) hindi paggala ng dugo</li> <li>Malubhang pagkakaroon ng palyadong ritmo ng puso</li> <li>Malubha o lumalalang angina pectoris</li> <li>Bronchospastic na sakit</li> <li>Pagbubuntis<sup>3</sup> (kategorya D) at pagpapasuso</li> <li>Kabataan (&lt;18 na taon)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tingnan ang mga pag-iingat para sa mga indibidwal na ahente</li> </ul>
<b>DOSIS</b>	<p><i>Unang sigarilyo ≤30 minuto pagkagising: 4 mg</i> <i>Unang sigarilyo &gt;30 minuto pagkagising: 2 mg</i></p> <p>Mga linggo 1-6: 1 pirasong q 1-2 na oras</p> <p>Mga linggo 7-9: 1 pirasong q 2-4 na oras</p> <p>Mga linggo 10-12: 1 pirasong q 4-8 na oras</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Pinakamarami, 24 piraso/araw</li> <li>Marahang nguyain ang bawat piraso</li> <li>Ilagay sa pagitan ng pisngi at gilagid kapag nakaramdam ng anghang o panginigilig (~15-30 na pagnguya)</li> <li>Ipagpatuloy ang pagnguya kapag nawala ang panginigilig</li> <li>Ulitin ang pagnguya/paglalagay na hakbang hanggang maubos ang karamihan ng nikotina (ang panginigilig ay di na babalik; kadalasan ay 30 min)</li> <li>Ilagay sa iba't-ibang lugar sa bunganga</li> <li>Walang pagkain o inumin 15 minuto bago at matapos gamitin</li> <li>Tagal: hanggang 12 na lingo</li> </ul>	<p><i>Unang sigarilyo ≤30 minuto pagkagising: 4 mg</i> <i>Unang sigarilyo &gt;30 minuto pagkagising: 2 mg</i></p> <p>Mga linggo 1-6: 1 gamot sa ubo q 1-2 na oras</p> <p>Mga linggo 7-9: 1 gamot sa ubo q 2-4 na oras</p> <p>Mga linggo 10-12: 1 gamot sa ubo q 4-8 na oras</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Pinakamarami, 20 mga gamot sa ubo/araw</li> <li>Hayaang matunaw nang mabagal (20-30 minuto para sa pamantayan; 10 minuto para sa mini)</li> <li>Ang pagpapakawala ng nikotina ay maaaring magdulot ng mainit, panginigilig na damdam</li> <li>Huwag nguyain o lunukin</li> <li>Paikutin sa iba't-ibang lugar ng bunganga paminsan-minsan</li> <li>Walang pagkain o inumin 15 minuto bago at matapos gamitin</li> <li>Tagal: hanggang 12 na lingo</li> </ul>	<p><i>&gt;10 sigarilyo/araw:</i> 21 mg/araw x 4-6 na linggo 14 mg/araw x 2 na linggo 7 mg/araw x 2 na linggo</p> <p><i>≤10 cigarettes/day:</i> 14 mg/araw x 6 na linggo 7 mg/araw x 2 na linggo</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring panatilihin ang patse ng 16 na oras kung ang pasyente ay nakakaranas ng mga istorbo sa pagtulog (tanggalin sa oras ng pagtulog)</li> <li>Tagal: 8-10 na linggo</li> </ul>	<p>1-2 dosis/oras (8-40 dosis/araw) Isang dosis = 2 pag-isprey (isa sa bawat butas ng ilong); ang bawat pag-isprey ay naghahatid ng 0.5 mg na nikotina sa mucosa ng ilong</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Pinakamarami <ul style="list-style-type: none"> <li>- 5 dosis/oras o</li> <li>- 40 dosis/araw</li> </ul> </li> <li>Para sa pinakamahusay na resulta, gamitin ng di bababa sa 8 dosis/araw sa simula</li> <li>Huwag singhutin, lunukin o langhapin sa ilong habang nag-isprey</li> <li>Tagal: 3-6 na buwan</li> </ul>	<p>6-16 na mga kartutso /araw Isahang dosis; umpisahang gumamit ng 1 kartutso q 1-2 oras</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Pinakamahusay na epekto sa tuloy-tuloy na paghinga nang 20 minuto</li> <li>Gumamit ng di bababa sa 6 na kartutso/araw sa simula</li> <li>Ang nikotina sa kartutso ay mauubos matapos ang 20 minuto ng aktibong paghinga</li> <li>Langhapin papunta sa likod ng lalamunan o gumawa ng mga maiikling paghinga</li> <li>HUWAG langhapin papunta sa baga (tulad ng sigarilyo) ngunit "umihip" na tila sumisindi ng pipa</li> <li>Ang bukas na kartutso ay maaaring gamitin sa loob ng 24 oras</li> <li>Walang pagkain o inumin 15 minuto bago at matapos gamitin</li> <li>Tagal: 3-6 na buwan</li> </ul>	<p><u><i>Ireserba para sa mga pasyente na naniniqarlyo na ≥10 sigarilyo/araw:</i></u></p> <p><b>Matagalang-eppekto na NRT:</b> upang pigilan ang pagkakaroon ng matinding sintomas ng pagtigil</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nicotinang patse <ul style="list-style-type: none"> <li>21 mg/araw x 4-6 na linggo</li> <li>14 mg/araw x 2 na linggo</li> <li>7 mg/araw x 2 na linggo</li> </ul> </li> </ul> <p><b>DAGDAG</b></p> <p><b>Maikling-eppekto na NRT:</b> ginagamit kung kailangan upang kontrolin ang biglaan na mga sintomas ng pagtigil at panapanahong paghahanap ng tabako</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><b>Nicotinang gam (2 mg)</b> 1 pirasong q 1-2 oras kung kailangan</li> <li><b>Nicotinang gamut sa ubo (2 mg)</b> 1 gamot sa ubo q 1-2 oras kung kailangan</li> <li><b>Nicotinang isprey sa ilong</b> 1 pag-isprey sa bawat butas ng ilong q 1-2 oras kung kailangan</li> <li><b>Nicotinang langhapan</b> 1 kartutso q 1-2 oras kung kailangan</li> </ul>

MGA PAGBABALANGKAS NA TERAPEWTIKANG PAMALIT NG NIKOTINA (NRT) NA GINAGAMIT BILANG NAG-IISANG GAMOT NA PANLUNAS						
	GAM	GAMOT SA UBO	PATSE	ISPREY SA ILONG	LANGHAPAN	KOMBINASYONG NRT
SALUNGAT NA EPEKTO	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pananakit ng bunganga/panga</li> <li>Pagsisinok</li> <li>Dysepsia</li> <li>Paglalaway</li> <li>Mga epekto ng maling paraan ng pagnguya:               <ul style="list-style-type: none"> <li>Pagkalula</li> <li>Pagkahilo/pagsusuka</li> <li>Pangangati sa lalamunan at bunganga</li> </ul> </li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagkahilo</li> <li>Pagsisinok</li> <li>Pag-ubo</li> <li>Pananakit ng dibdib</li> <li>Pagsakit ng ulo</li> <li>Kabag</li> <li>Hirap sa pagtulog</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga reaksyon sa balat (pamumula, pangangati, pagkasunog)</li> <li>Pagsakit ng ulo</li> <li>Mga istorbo sa pagtulog (hirap sa pagtulog, hindi karaniwan/malinaw na mga panaginip); may kaugnayan sa pagkonsumo ng katawan ng nikotina sa gabi</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangangati ng ilong at/o lalamunan (mainit, maanghang, o damdam nasusunog)</li> <li>Pamamaga</li> <li>Pagluluha</li> <li>Pagbahin</li> <li>Pag-ubo</li> <li>Pagsakit ng ulo</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pangangati ng bunganga at/o lalamunan</li> <li>Ubo</li> <li>Sakit ng ulo</li> <li>Pamamaga</li> <li>Dysepsia</li> <li>Pagsisinok</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tignan ang mga nakalistang salungat na epekto para sa mga indibidwal na ahente</li> </ul>
KALAMANGAN	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring maging kapalit ng tabako</li> <li>Maaaring mag-antala sa pagdagdag ng timbang</li> <li>Maaaring tantyahin upang pamahalaan ang mga sintomas ng pagtigil</li> <li>Maaaring gamitin kasama ang iba pang mga ahente upang mapamahalaan ang panapanahong paghahanap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring maging kapalit ng tabako</li> <li>Maaaring mag-antala sa pagdagdag ng timbang</li> <li>Maaaring tantyahin upang pamahalaan ang mga sintomas ng pagtigil</li> <li>Maaaring gamitin kasama ang iba pang mga ahente upang mapamahalaan ang panapanahong paghahanap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang isang dosis bawat araw ay nagkakaroon ng mas konting problema sa pagsunod</li> <li>Sa lahat ng mga produktong NRT, ang paggamit nito ang pinaka-hindi halata</li> <li>Maaaring gamitin kasama ang iba pang mga ahente ; naghahatid ng alinsunod na mga antas ng nikotina ng higit sa 24 oras</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring tantyahin upang pamahalaan ang mga sintomas ng pagtigil</li> <li>Maaaring gamitin kasama ang iba pang mga ahente upang mapamahalaan ang paghahanap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Maaaring maging kapalit ng tabako</li> <li>Maaaring tantyahin upang pamahalaan ang mga sintomas ng pagtigil</li> <li>Ginagaya ang ritwal ng paninigarilyo na paglalagay ng kamay sa bunganga</li> <li>Maaaring gamitin kasama ang iba pang mga ahente upang mapamahalaan ang panapanahong paghahanap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagbibigay ng naalinsunod na mga antas ng nikotina ng higit sa 24 oras, at maaaring tantyahin ng mga pasyente ang paggamot upang mapamahalaan ang mga sintomas ng pagtigil at paghahanap ng tabako sa ilang mga sitwasyon</li> <li>Iminumungkahi ng pag-aaral sa pananaliksik na ang kumbinasyong paggamot ay nagbibigay ng maliit, ngunit makabuluhang pagtaas sa pagtatagumpay kumpara sa isang ahenteng NRT</li> <li>Magandang pagpipilian sa mga pasyenteng nabigo ang paggamot gamit ang isahang gamot</li> <li>Tignan ang mga kalamangang nakalista para sa mga indibidwal na ahente</li> </ul>
KAWALAN	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang pangangailangan ng madalas na dosis ay maaaring magkompromiso sa pagsunod</li> <li>Maaaring maging problema para sa mga pasyente na may mga makabuluhang trabaho sa ngipin</li> <li>Ang tamang paraan ng pagnguya ay kailangan upang maging epektibo at upang paliitin ang mga masamang epekto</li> <li>Ang pagnguya ng gam ay maaaring hindi tanggap o gusto ng ilang mga pasyente</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang pangangailangan ng madalas na dosis ay maaaring magkompromiso sa pagsunod</li> <li>Ang mga pangalawang epekto sa tiyan (pagkahilo, pagsisinok, pananakit ng dibdib) ay maaaring nakaabalang</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kapag ginagamit bilang nag-iisang gamot na panlunas, hindi maaaring tantyahin upang malapitang pamahalaan ang mga sintomas ng pagtigil</li> <li>Para sa mga pasyenteng may mga sakit sa balat (hal., soryasis, eksema, pamumula at pangangati)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang pangangailangan ng madalas na dosis ay maaaring magkompromiso sa pagsunod</li> <li>Ang pagpapadaan ng gamot sa ilong ay maaaring hindi tanggap o gusto ng ilang mga pasyente; ang pangangati ng ilong ay kadalasang problema</li> <li>Hindi inirekomendang gamitin ng mga pasyenteng may pabalik-balik na sakit sa ilong o malubha na reaktibong daluyan na sakit</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang pangangailangan ng madalas na dosis ay maaaring magkompromiso sa pagsunod</li> <li>Ang mga kartutso ay maaaring maging mas mababa ang bisa sa mga malalamig na lugar (<math>\leq 60^{\circ}\text{F}</math>)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang kombinasyon na paggamot ay mas magastos sa isang gamot lamang</li> <li>Tignan ang mga nakalistang kawalan para sa mga indibidwal na ahente</li> </ul>

<sup>1</sup> Ibinebenta ng GlaxoSmithKline.

<sup>2</sup> Ibinebenta ng Pfizer.

<sup>3</sup> Sinasabi ng Alituntunin ng Klinikong Kasanayan ng Estados Unidos na ang mga naninigarilyong buntis ay dapat hikayating tumigil na hindi gumagamit na gamot batay sa kakulangan ng ebidensiya ng bisa at teoretikong mga pagkabahala sa kaligtasan.

Ang mga buntis na naninigarilyo ay dapat alukin ng mga pamamagitan pagpapayo sa pag-uugali na hihigit sa kaunting payo upang tumigil.

Mga Daglat: NRT, Terapewtikang Pamalit ng Nikotina; OTC, over-the-counter (hindi nireresetang produkto); Rx, Nireresetang produkto.

**Para sa kumpletong impormasyon sa pagrereseta, mangyaring sumangguni sa nakalakip sa pakete ng tagagawa.**

Karapatang magpalathala © 1999-2015 Ang Mga Rehenante ng Unibersidad ng Kalipornya. Lahat ng karapatan ay inilaan. Huling Binago Enero 26, 2015.